

Opisyal na Plano sa Pag-unlad (ODP) ng Vancouver




Ano Ang Nangyayari?

Ang Lungsod ng Vancouver ay nag-aanyaya sa pampublikong feedback sa draft na Opisyal na Plano sa Pag-unlad (ODP), isang patakaran sa buong lungsod na ipatutupad ng bylaw upang gabayan kung paano lumalago at nagbabago ang ating lungsod sa susunod na 30 taon at higit pa.

Proseso ng Pagpaplano


Bumubuo ang draft ng Vancouver ODP sa Plano ng Vancouver, na nilikha pagkatapos ng mga taon ng pakikipag-ugnayan. Ang Vancouver ODP ay nagpapanatili ng lahat ng nilalaman ng Plano ng Vancouver, nagdaragdag ng mahigit pang mga detalye, kabilang ang isang bagong mapa na nagpapakita kung paano mapapaunlad at magagamit ang lupa, kasama ang bagong nilalamang kinakailangan sa ilalim ng batas ng probinsiya.



Ang diagram sa kanan ay naglalarawan ng mga pangunahing bahagi ng ODP. Ang mga sumusunod na simbolo ay nagpapakita kung saan ang bagong nilalaman ay naidagdag o kung saan ang isang pamagat ay nagbago mula noong Plano ng Vancouver.

★ Bagong nilalaman + Bagong pangalan

Mga bagong Bahagi ng ODP



Mga Paglalarawan ng Bawat Bahagi

- Sa pagtingin sa 2050 at higit pa, ang pahayag ng Pangitain ay nagpapakita ng isang pinag-isang pangitain para sa hinaharap ng Vancouver.
- Ang tatlong Pundasyong Prinsipyo ay naging sentro ng Plano ng Vancouver at magpapatuloy sa hinaharap na ODP. Ang mga ito ay hinabi sa buong ODP at itinatayo sa naaprubahang direksyon ng Konseho.
- Ang tatlong Malalaking Ideya mula sa Plano ng Vancouver ay mga paglalayong paraan ng pagpapalago at pagbabago ng Vancouver upang ipakita ang mga priyoridad ng komunidad. Ang mga ito ay gumagabay sa mga direksyon at patakaran sa paggamit ng lupa at pagbuo ng lungsod.
- Ang kabanata ng Paglago sa Hinaharap (dating “Estratehiya sa Paggamit ng Lupa”) ay nagpapakita ng pangmatagalang pananaw sa paggamit ng lupa para sa pagkamit ng Mga Malalaking Ideya ng Plano.
- Ang Estratehiya ng Urban Structure ay gagabay sa pagpaplano at patakaran ng lugar sa mga darating na dekada.
 - Kasama sa mga pagtatalaga ng Pangkalahatang Paggamit ng Lupa ang isang mapa na nakabatay sa parsela na naghahatid ng kasalukuyang potensyal na pag-unlad.
- Ang mga Lugar ng patakaran ay sumasailalim sa pangkalahatang pananaw sa paggamit ng lupa at sumasaklaw sa mga pangunahing paksa sa pagbuo ng lungsod. Ang bawat lugar ng patakaran ay binubuo ng isang pahayag ng pananaw, mga pangunahing direksyon at mga patakaran upang makatulong sa pagsasakatuparan ng mga direksyon.
- Ipinapaliwanag ng kabanata ng Pagpapatupad kung paano isasakatuparan ang ODP sa paglipas ng panahon.

Basahin ang buong draft na ODP sa shapeyourcity.ca/odp

+ Ano Ang Bago?

- **Paglago sa Hinaharap:** dating kabanata ng “Estratehiya sa Paggamit ng Lupa” sa Plano ng Vancouver, kasama na ngayon ang dalawang pangunahing seksyon: ang Istratehiya ng Urban na Istruktura at mga bagong designasyon na Pangkalahatang Paggamit ng Lupa (GLU) na nakabatay sa parsela
- **Ecology:** bagong pagmamapa at patakaran para sa Mga Lugar na Sensitibo sa Kapaligiran at isang updated na “Mapa ng Ekolohikal na Pananaw”
- **Imprastruktura ng Komunidad:** mga bagong direksyon at patakaran para sa mga pampublikong paaralan, mga institusyong pang-kampus (hal., mga kolehiyo at ospital), at mga paggamit ng institusyonal na naglilingkod sa komunidad
- **Mga Parke at Pampublikong Lugar:** mga bagong mapa at patakaran upang matugunan ang mga hinaharap na pangangailangan ng mga parke ng Lungsod
- **Mga Utility:** mga bagong mapa ng pamamahagi ng tubig, imprastruktura ng imburnal at drainage at bagong direksyon at patakaran para sa pamamahala at pagbabawas ng basura, at enerhiya at komunikasyon
- **Mga Mapanganib na Lupain:** bagong kabanata na may mga patakaran at mapa na nagpapakita ng mga lugar na madaling kapitan ng pagbabaha, matinding init at mga lugar na madaling maapektuhan ng mga lindol
- **Pagpapatupad:** mga update upang ipakita ang mga bagong proseso


Paano gagamitin ang ODP?

Kapag pinagtibay ng by-law, ang ODP ay gagamitin upang gabayan ang pagpapaunlad ng patakaran at mga desisyon sa paggamit ng lupa, tulad ng mga rezoning, upang matiyak na ang lungsod ay bubuo sa mga paraan na akma sa pananaw ng ODP.

Mga Designasyon ng Pankalahatang Paggamit ng Lupa (GLU)

Ano ang pagtatalaga ng GLU?

- Ang mga pagtatalaga ng GLU ay nagpapakita kung anong mga gamit at uri ng pagpapaunlad ang pinapayagan sa iba’t ibang mga parsela ng lupa sa ilalim ng kasalukuyang patakaran at mga regulasyon.
- Ipinapakita ng mapa ng GLU kung paano kumalat ang mga pagtatalaga ng GLU sa buong lungsod.
- Ang mga pagtatalaga ng GLU ay hindi lumilikha ng mga karapatan sa pagpapaunlad o mga karapatan.
- Hindi lahat ng parsela ay makakamit ang pinakamataas na nakabalangkas sa pagtatalaga.



GALUGARIN ANG
MAPA NG GLU



Bakit mahalaga ang Mapa ng GLU?

Sa ilalim ng bagong batas ng Panlalawigan (Bill 18) ang Lungsod ng Vancouver ay hindi pinahihintulutan na magsagawa ng mga pampublikong pagdinig para sa mga aplikasyon ng rezoning na kinabibilangan ng higit sa 50% na espasyo sa sahig ng tirahan at naaayon sa ODP. Ang pagtatalaga ng GLU ay magiging pangunahing paraan upang masuri kung ang isang aplikasyon ay naaayon sa ODP. Ang mga application na hindi naaayon sa GLU ay mangangailangan ng pag-amyenda sa ODP.

Opisyal na Plano sa Pag-unlad (ODP) ng Vancouver



Matuto pa: shapeyourcity.ca/odp

- Dumalo sa isang kaganapan
- Basahin ang mga board ng impormasyon
- Galugarin ang mapa ng GLU
- Suriin ang Mga Madalas Itanong
- Ibahagi ang iyong mga komento

Makipag-ugnayan sa Amin:
odp@vancouver.ca
3-1-1

